
# GABAY
# SA
# PAG-AALAGA NG
# BABOY



MULTIVITE-feeds Corp

**About the company….**

Ang Multivite Feeds ay isa sa mga pinakamatagal at pinakamatibay na feedmill sa buong bansa. Ang planta at opisina nito ay matatagpuan sa Turo, Bocaue, Bulacan. Sa mahigit 30 taon, ito ay masigasig na pinamamahalaan ni Ginoong Ruben D. Mercado, katulong ang kanyang pamilya at mga kawani, upang makapagbigay ng serbisyo sa industriya ng paghahayupan sa pamamagitan ng paggawa ng matataas na kalidad ng feeds.

Sa kasalukuyan, ang Multivite Feeds ay gumagawa ng pagkain para sa baboy, manok, isda, itik, manok-panabong at aso. Isa sa mga bagay na maipagmamalaki ng kumpanya ay ang maayos na pangangasiwa ni Mr. Mercado mula sa pagbili ng mga sangkap sa feeds hanggang sa produksyon.

Ang Multivite feeds ay may adhikain na makapagbigay serbisyo sa mga mag-aalaga ng hayop sa pamamaraang gumawa ng **mataas na uri** ng pagkain ng alagang hayop sa **tamang halaga.**

**MGA NILALAMAN**


1. Aspeto ng Pagbababuyan
2. Mga Lahi ng Barako at Inahin
3. Gabay sa Pagbili ng Palahiang Baboy
4. Paghihiwalay sa Bagong Barako
5. Gabay sa Sow Culling
6. Mga Pamantayan sa Pagpili ng Inahin
7. Palatandaan ng Paglalandi
8. Pagsisiguro sa Paglalandi
9. Pagbubuntis
10. Panganganak
11. Pagpapasuso
12. Mga gabay sa:
    a. Pagpapakain ng Inahin
    b. Pag-aalaga sa Fatteners
    c. Sistema sa Pagpapakain
    d. Gabay sa Pagkain at Inumin
    e. Pangangalaga sa Inahin
    f. Pagpapakasta
    g. Uri ng Pagkain
    h. Karaniwang Sakit
    i. Bakuna ng Inahin
    j. Feed Medication

**ASPETO ng PAGBABABUYAN**

1. Lahi
2. Nutrisyon
3. Kalusugan
4. Kapaligiran
5. Management

**MGA LAHI NG BARAKO AT INAHIN**

Sa kasalukuyan, ang karaniwang nagagamit na lahi ng inahin ay Landrace at Large White
samantalang ang Duroc at Pietrain naman ay karaniwang ginagawang barako.

*Inahin:*
***Landrace*** – puti, pababa ang tenga, mahaba ang pangangatawan , madami ang biik at mapag alaga ang inahin ngunit mahina ang mga paa.

***Large White*** – puti, natakayo ang tenga, malapad ang pangangatawan, madami ang biik, mapag alaga ang inahin at malakas mag gatas.

*Barako:*
***Duroc*** – brown, maliit ang tenga, mabilis lumaki, matibay ang mga paa at sa stress.


***Pietrain*** – puti na may batik na itim, nakatayo ang tenga, maganda ang tindig ngunit mahina sa stress.



PIETRAIN BOAR



DUROC BOAR



LANDRACE SOW



LARGE WHITE SOW

**GABAY SA PAGBILI ng PALAHIANG BABOY**

1. Alamin ang lahi ng gagawing inahin o barako
2. Walang sakit at maayos ang pangangatawan
3. Tamang edad ay 5-6 buwan
4. Mahaba ang katawan na may tamang arko sa likod.
5. Tama ang haba at laki ng mga binti at paa.
6. May 6-7 pares ng suso ang mga inahin
7. Alamin ang mga bakunang nakuha at hindi pa naibibigay sa mga inahin at barako.

**PAGHIHIWALAY SA BAGONG BARAKO**

1. Iwalay ang bagong biling barako sa loob ng 30 araw
2. Siguruhing may 100 dipa ang layo ng kulungan ng barako sa kulungan ng mga inahin
3. Purgahin at bakunahan sa unang linggo
4. Matapos ang ika 30 araw, maayos na ilabas ang barako mula sa kulungan at ilipat sa normal na kulungan.

**GABAY SA PAG-AALIS NG MGA MAHINANG PALAHIANG BABOY (CULLING)**

1. Hindi naglalandi o nagbubuntis
2. Mahina ang mga paa na kadalasang sanhi ng pamimilay
3. Mahina magpagatas o kaunti ang mga biik na inaanak
4. Matagal ang dry period
5. Mahina ang pangangatawan o kadalasang may sakit
6. Kung may sakit na nakakahawa sa kapwa baboy
7. Kaunti at mababang klase ang mga biik na iniaanak

**MGA PAMANTAYAN SA PAGPILI NG INAHIN AYON SA PERFORMANCE**

1. Dami ng biik sa bawat panganganak
2. Bilis ng paglalandi
3. Maayos na pangangalaga sa mga biik
4. Resistensya
5. Haba ng taon ng pakinabang

**PALATANDAAN NG PAGLALANDI**

A. *PRE-HEAT*
   1. Pamamaga ng ari
   2. Madalas na pag ihi
   3. Hindi mapakali
   4. Pagsampa sa ibang baboy
   5. Walang ganang kumain
   6. Paglabas ng likido sa ari
   7. Tumatagal ng 2-3 araw

B. *TRUE HEAT*
   1. Pag impis ng pamamaga ng ari
   2. Mayroong makapal at malinaw na likido mula sa ari
   3. Tumatayo ang tainga kapag natutuunan sa likod
   4. Hindi lumalaban sa pagsampa ng ibang baboy
   5. Nagiging alerto kapag nakakita ng barako
   6. Tumatagal ng 24-30 oras

C. *POST HEAT*
   1. Pagbalik sa normal na kulay at laki ng ari
   2. Pagbalik  sa normal na kilos at ugali
   3. Walang reaksyon sa barako
   4. Tumatagal ng 1 araw

## PAGSISIGURO SA PAGLALANDI

1. Pagdiin sa likod (back pressure test)
2. Pagsakay sa likod
3. Pagsusuri sa likido mula sa ari
4. Pagpapa amoy ng semilya o laway ng barako
5. Paggamit ng teaser boar

## MGA DAPAT TANDAAN SA PAGBUBUNTIS

1. Limitahan ang pagkain sa 2 kilo bawat araw sa unang buwan
2. Suriin ang kondisyon ng inahin
3. Dagdagan ang pakain sa huling buwan ng pagbubuntis
4. Bawasan ang dami ng pakain 3 araw bago manganak

## MGA DAPAT TANDAAN PANGANGANAK

1. Purgahin ang inahin 1 linggo bago manganak
2. Ilipat sa paanakan 1 linggo bago manganak
3. Linisin at i-disinfect ang paanakan bago ilipat
4. Huwag dukutin ang biik kung hindi kinakailangan

5. Panatilihing malinis at tuyo ang paanakan
6. Tanggalin ang inunan
7. Kung nahihirapan ang inahin, magturok ng oxytocin
8. Bantayan ang temperatura ng inahin (37.8-39.4°C)
9. Magturok ng **Finadyne** matapos manganak upang maiwasan ang MMA, lagnat at pamimilay
10. Paliguan ang inahin 1 linggo matapos manganak

## PAGPAPASUSO

1. Siguruhing makadede ang mga biik sa unang 24 oras pagkaanak upang makuha ang colostrum
2. Alalayan at unti-unting dagdagan ang pagkain ng inahin sa unang 5 araw.
3. Mahalaga ang pagkakaroon ng malinis na tubig pang inumin sa lahat ng oras.

## PAGPAPAKAIN NG NAGPAPASUSONG INAHIN

| Araw | Dami ng pagkain |
|---|---|
| Panganganak | Walang pagkain |
| 1 | 1 kg |
| 2 | 2 kg |
| 3 | 3 kg |
| 4-7 | 4 kg |
| 8-30 | 5-7 kg |
| pagwawalay | Walang pagkain |

## PAG-AALAGA SA MGA FATTENERS

| EDAD | MGA DAPAT GAWIN | GAMOT/ BAKUNA |
|---|---|---|
| 1 araw | Talian at putulin ang pusod, putulin ang buntot at matutulis na ngipin | Tincture of Iodine |
| 2 araw | Magbigay ng anti-scouring sa bawat biik | |
| 3 araw | Iwasan ang anemia | Magturok ng IRON sa biik (1-2ml) sa malamang bahagi ng pigi |
| 5 araw | Turuang kumain ng piglet booster | |
| 7 araw | Magbakuna laban sa *Mycoplasma* | |
| 10 araw | Kapunin ang mga biik. Gumamit ng wound spray sa sugat ng baboy | Magturok ng Amoxicillin upang maiwasan ang impeksyon (1ml/10 kilong timbang) |
| 28-30 araw | Iwalay ang mga biik | Magbigay ng water soluble vitamins and electrolytes |
| | Unti-unting palitan ang Piglet Booster ng Hog Pre-starter na feeds | Maglagay ng Colistin sa inuming tubig sa loob ng 3-5 araw |

| | | |
|---|---|---|
| 37 araw | Purgahin ang mga baboy | IVERMECTIN (1ml/33kg timbang). Maaari ring gumamit ng Levamisole, Mebendazole, Albendazole, Piperazine, atbp. |
| 45 araw | Magbakuna laban sa Hog Cholera | Hog Cholera Vaccine 2ml/biik. Iturok sa malamang bahagi ng leeg |
| | Maglagay ng bitamina at mineral sa feeds o kaya ay sa inuming tubig | Water soluble vitamins (2g/galon ng tubig) |
| | Magturok ng anti-pyretic upang hindi lagnatin ang baboy | |
| 61 araw | Unti-unting palitan ang Hog Pre-Starter ng Hog Starter feeds | TIAMULIN 10% (1.5kg/ton of feeds) Ibigay sa loob ng 7 araw |
| 91 araw | Unti-unting palitan ang Hog Starter ng Hog Grower feeds | Maglagay ng Doxycycline sa inuming tubig sa loob ng 7 araw |
| 141 araw - ibenta | Unti-unting palitan ang Hog Grower ng Hog Finisher feeds | |

## SISTEMA SA PAGPAPAKAIN

| AD LIBITUM | RESTRICTED / LIMITED FEEDING |
|---|---|
| • Ang baboy ay mas mabilis lumaki at naiiwasan ang pag-aaway sa pakain<br>• Mas maaksaya sa pakain at mas mabilis lumaki at kumapal ang taba lalo na kung hindi maganda ang lahi.<br>• Maaaring gawin mula Booster, Pre-Starter, Starter, Grower, Finisher at Lactating | • Mas matipid sa pakain (maganda ang FCR)<br>• Naiiwasan ang sakit<br>• Mas mabagal lumaki<br>• Magkakaiba ang laki ng baboy<br>• Matrabahong gawin<br>• Maaaring gawin sa mga bagong kasta at nagbubuntis na inahin |

| BASANG PAGPAPAKAIN (WET FEEDING) | TUYONG PAGPAPAKAIN (DRY FEEDING) |
|---|---|
| • Nababagay sa mga may kakaunting bilang ng alagain at sa panahon ng tag-init<br>• Angkop sa mga lugar na malakas ang hangin kung saan ang butil ng mga tuyong pakain ay madaling liparin<br>• Madaling mapanis ang pakain | • Nababagay na paraan ng pagpapakain sa may maraming baboy<br>• Hindi madaling maubos ang pakain at mabibigyan ng pagkakataon ang lahat sa kulungan na makakain |

## GABAY SA PAGKAIN AT INUMIN

| EDAD (Linggo) | TIMBANG (kg) | PAKAIN KADA ARAW (kg) | INUMIN KADA ARAW (Litro) |
|---|---|---|---|
| 1 – 4 | 2 – 6 | 0.02 – 0.05 | 0.25 – 0.75 |
| 4 – 8 | 6 – 7 | 0.05 – 1.00 | 0.75 – 2.00 |
| 8 – 12 | 17 – 32 | 1.00 – 1.50 | 2.00 – 3.50 |
| 12 – 16 | 32 – 50 | 1.50 – 2.25 | 3.50 – 4.00 |
| 16 – 20 | 50 – 70 | 2.25 – 2.75 | 4.00 – 5.00 |
| 20 – 24 | 70 – 92 | 2.75 – 3.50 | 5.00 – 7.00 |
| Dumalaga | - | 1.50 – 2.00 | 6.00 – 8.00 |
| Barako | - | 1.50 – 2.00 | 6.00 – 8.00 |
| Bagong walay na Inahin | - | 2.50 – 3.50 | 7.00 – 9.00 |
| Buntis na Inahin | - | 2.00 – 2.50 | 7.00 – 9.00 |
| Nagpapasusong Inahin | - | 4.00 – 7.00 | 15.0 – 20.0 |

# PANGANGALAGA SA INAHING BABOY

| EDAD | MGA DAPAT GAWIN | GAMOT/BAKUNA |
|---|---|---|
| 2 Linggo bago pabulugan | Magbakuna laban sa Hog Cholera | Hog cholera Vaccine (2 ml/inahin). Iturok sa malamang bahagi ng leeg |
| 1 Linggo bago pabulugan | Magpurga laban sa mga bulate | IVERMECTIN (1ml/33kg timbang) |
| | Maglagay ng antibiotiko | Amoxycillin (1.5-3g/gal ng tubig) |
| Panahon ng pagbubuntis | Magbigay ng bitamina at mineral | Water-soluble vitamins (1-2g/gal ng tubig) |
| 2 Linggo bago manganak | Magpurga laban sa mga bulate | IVERMECTIN (1ml/33kg timbang) |
| | Magturok ng Iron | Magturok ng 3-5 ml sa malamang bahagi ng leeg |
| 1 Linggo bago manganak | Magbigay ng antibiotiko | Amoxycillin-50S (1.5-3g/gal ng tubig) |
| Pagkatapos manganak | Magturok ng antibiotiko upang maiwasan ang MMA | Lincospectin 5/10 (1ml/10 kg timbang) |
| Panahon ng pagpapasuso | Magbigay ng bitamina at mineral | Water-soluble vitamins (1-2g/galon ng tubig) |
| Pagwawalay | Walang pakain | |
| Pagkatapos magwalay | Magbigay ng maraming pakain | VITAMIN B-Complex (5-10ml/inahin) |

## PAGPAPAKASTA NG BARAKO

| EDAD (BUWAN) | DAMI NG KASTA KADA LINGGO |
|---|---|
| 7 | Wala |
| 8 hanggang 10 | 1 beses kada 5 araw |
| 11 | 1 beses kada 4 na araw |
| 12 | 2 beses o 1 beses kada 3 araw |
| 18 pataas | 3 – 7 beses |

## URI NG PAGKAIN

| EDAD | URI NG PAKAIN |
|---|---|
| 5-30 araw | Piglet Booster |
| 31-60 araw | Hog Pre-Starter |
| 61-90 araw | Hog Starter |
| 91-140 araw | Hog Grower |
| 140 araw hanggang sa araw ng pagbebenta | Hog Finisher |

## KARANIWANG SAKIT NG BABOY

| SAKIT | PALATANDAAN | GAMOT |
|---|---|---|
| Pagtatae | Pagtatae, pamamayat panghihina at pananayo ng balahibo | Amoxycillin<br>Lincospectin<br>Electrolytes |
| Anemia | Paghihina, pamumutla at pagkabansot | Iron<br>Vitamin B-complex |
| Pneumonia | Pag-ubo, sipon at hirap sa paghinga | Amoxycillin<br>Lincospectin |
| Abscess | Bukol na may nana | Alisin ang nana sa loob nukol at magturok ng Amoxycillin |
| Bulate | Pananayo ng balahibo, mahinang kumain at mahinang paglaki | Ivermectin |
| Mastitis | Pamamaga ng suso, lagnat, ayaw magpasuso | Pagmamasahe ng maligamgam na tubig at pagturok ng Amoxycillin |
| Metritis/ vulvar discharge | Pamamaga ng matres, paglabas ng mabahong likido sa pwerta | Magturok ng Lincospectin at maglabatiba sa loob ng 3-5 araw pagkatapos manganak |
| Agalactia | Pagkawala ng gatas, Pag-iyak na mga biik dahil walang masusong gatas | Sundin ang tamang pakain at magturok ng Oxytocin |

## MGA BAKUNA NG BIIK at INAHIN

| EDAD | BAKUNA |
|---|---|
| 7 days | Mycoplasma |
| 28 days | Mycoplasma |
| 35-40 days | Hog Cholera (HCV) |
| 42-45 days | PRRS |
| 48-52 days | APP |
| Mycoplasma | Mycoplasma |
| 63-66 days | PRRS |
| 56-84 days | Aujeszky (PRV) |

| GILTS (until 1st gestation) | | SOWS (2nd gestation up) | |
|---|---|---|---|
| 5-6 months | PRRS | 49days gestating | PRRS |
| 5.5-6.5months | Parvovirus + PRV | 56days gestating | APP |
| 4wks later | Parvovirus + PRV | 93days gestating | E.coli |
| 6-7months | Hog Cholera (HCV) | 86-100days gestating | PCV2 |
| 2wks before breeding | Deworming | 2wks lactating | Parvovirus |
| 72days gestating | E.coli | Sows and boars (every 6 months) | |
| 93days gestating | E.coli | Hog Cholera (HCV) | |
| 100days gestating | Deworming | Aujeszky (PRV) | |
| | | Parvovirus (for boars) | |

**FEED MEDICATION**

| AGE/RATION | MEDICATION | DURATION |
|---|---|---|
| Pre-starter | Doxycycline + Colistin | 2wks (1wk on-1wk off) |
| Starter | Enrofloxacin | 2wks (1wk on-1wk off) |
| Grower | Tiamulin | 2wks (1wk on-1wk off) |
| Lactating | Amoxycillin/Tylosin | 2wks before farrowing up to 2wks after farrowing |

MULTIVITE feeds Corp

**HOG FEEDS ***

- Pre-Starter
- Starter
- Grower
- Finisher
- Breeder
- Lactating

**POULTRY FEEDS***

*Broiler*

- Chick booster
- Broiler Starter
- Broiler Finisher

*Layer*

- Chick Starter
- Chick Grower
- Chicken Layer

*Others*

- Quail Starter
- Quail Layer
- Duck Layer
- Pigeon Pellet

- *Available in mash, pellet or crumble*

# MERSAN AGRI DEVELOPMENT, INC.

**HOG FEEDS ***

- Pre-Starter
- Starter
- Grower
- Finisher
- Breeder
- Lactating
- Gilt Developer

**POULTRY FEEDS***

- Chicken Layer
- Quail Layer
- Duck Layer

**DOG FOOD****

- Puppy
- Adult

** Available in mash, pellet or crumble*
*** Available in pellet*

# PROMAC FEEDS

**HOG FEEDS ***

- Grower
- Finisher
- Breeder
- Lactating

**POULTRY FEEDS***

- Broiler Starter
- Broiler Finisher
- Chick Grower

** Available in mash, pellet or crumble*

MULTIVITE-feeds Corp

## FISH FEEDS *

- Pre-Starter
- Satrter
- Grower
- Finisher

** Available in mash, sinker or floating*

## FIGHTING COCK CONDITIONER

- Regular
- Neutral
- Special
- Ordinary
- Yellow Corn #16
- Cracked Corn